

# XYLAZINE SA COUNTY NG LA

## Mga Pangunahing Mensahe

- Ang Xylazine ay isang pampakalmang gamot na ginagamit ng mga beteryaryo na pampamanhid sa mga hayop, na nakikitang mabilis na dumadami sa suplay ng ipinagbabawal na gamot.
- Ang Xylazine ay maaaring ihalo sa mga gamot na ibinebenta nang iligal sa kalye, sa ipinagbabawal na gamot, at sa mga pekeng tabletas—na kadalasang lingid sa kaalaman ng mga taong gumagamit ng mga sangkap na ito.
- Kapag ininom o kinonsumo ng mga tao, ang xylazine ay maaaring magpababa ng presyon ng dugo, tibok ng puso, at nagpapabagal sa paghinga.
- Kapag isinama ang xylazine sa mga opioid tulad ng fentanyl, tulad ng kadalasang nangyayari, pinapataas nito ang banta sa buhay na epekto ng respiratory depression (pagpabagal o paghinto ng paghinga) na dulot ng mga opioid, na nagdaragdag ng panganib na masobrahan sa dosis (overdose) at kamatayan.
- Walang gamot o pangontra upang matanggal ang pagka-overdose sa xylazine. Ang Naloxone ay epektibo laban sa anumang opioid na kasama sa sanhi ng overdose pero hindi ito epektibo laban sa xylazine.
- Ang naloxone ay dapat ibigay sa panahon ng overdose para hadlangan ang anumang mga sangkap na opioid na sangkot sa overdose, kahit na ang overdoses ay maaaring may kinalaman sa xylazine, at kailangang tumawag sa 911 para matiyak na ang taong na-overdose ay mabibigyan ng emerhensyang pangangalagang medikal.
- May available nang pagsusuri na magagamit para matuklasan ang xylazine, bagaman hindi nito ipinapakita ang dami, kadalisan, o lakas ng bisa ng xylazine sa sampol.

## Buod

Dumarami ang nagsasama ng mga sangkap na nagpapataas ng posibilidad ng pagka-overdose sa suplay ng ipinagbabawal na gamot sa County ng Los Angeles. Ang Xylazine ay hinahalo na ngayon sa mga gamot na ibinebenta nang iligal sa kalye, sa ipinagbabawal na gamot, at sa mga pekeng tabletas, bukod pa sa fentanyl. Ang Xylazine ay isang murang pandagdag na sangkap na nagpapataas ng lakas ng bisa at mga panganib sa pagka-overdose at kamatayan. Ang mga mas bago at mapanganib na sangkap na ito sa suplay ng droga ay nagbibigay-diin sa pangangailangan ng patuluyang edukasyon at nagpapataas ng kamalayan sa mas malawak na komunidad.

TAGALOG

# XYLAZINE SA COUNTY NG LA

## **Ano ang xylazine?**

Ang Xylazine, na kilala rin bilang "tranq," "tranq dope," o "zombie drug," ay isang gamot na pampakalma at pamparelaks ng kalamnan na nasa isang malinaw na likido at ginagamit sa larangan ng medisina pangbetirinaryo upang patulugin ang mga hayop para sa operasyon. Sa kasalukuyan ay hindi ito isang sangkap na kontrolado ng pederal at hindi inaprubahan ng U.S. Food and Drug Administration (FDA) para gamitin sa tao.

## **Ano ang ginagawa o epekto nito?**

Sa mga tao, binabawasan ng xylazine ang kirot at pinapabagal ang aktibidad ng utak, na nagdudulot ng pagbagal ng paghinga, nagpapabagal sa tibok ng puso, at nagpapababa ng presyon ng dugo na siya namang nagiging sanhi ng sedasyon at pagkaantok. Sa klinikal na paraan, ito ay ginagamit ng mga betirinaryo upang patulugin ang mga hayop sa panahon ng operasyon. Ito ay partikular na idinisenyo para sa mga pag-oopera ng hayop at natuklasang masyadong mapanganib na gamitin sa tao.

## **Bakit napakapanganib nito sa mga tao?**

Ang Xylazine ay hindi inaprubahan ng FDA para gamitin sa tao dahil ito ay nagdudulot ng mapanganib na pagbaba ng presyon ng dugo, nagpapabagal sa paghinga at pagtibok ng puso na maaaring magresulta sa kamatayan. Ang pag-iiniksyon ng xylazine ay maaari ding magdulot ng pinsala sa tisyu sa paligid ng bahaging ininiksyunan, na humahantong sa pinsala sa balat, malalaking sugat at ulser na maaaring maging mga kumplikadong impeksiyon. Sa kadahilanang ito, ang xylazine ay may palayaw na "zombie drug."

## **Paano nagkakaroon ng kontak ang mga taong gumagamit ng droga sa xylazine?**

Ang likidong xylazine ay niluluto at ginagawang pulbos, pagkatapos ay inihahalo sa iba pang mga sangkap/droga—gaya ng heroin—o isinasama sa mga pekeng tabletas (mga pekeng tabletas na mukhang mga iniresetang gamot) kabilang ang mga opioid (hal., Norco, Percocet, Vicodin, atbp.), pampakalma (Xanax), o kahit na mga pampukaw (Adderall). Maaaring hindi alam ng mga taong komukonsumo ng mga gamot na ito na mayroong xylazine sa kanilang ginagamit, na maaaring magpataas sa panganib ng nakamamatay na overdose. Dahil dito, ang xylazine ay maaaring malunok, malanghap, masigarilyo, masinghot, o maiturok sa mga kalamnan o ugat. Kapag inihalo sa opioids at iba pang nakapanghihina ng sistema ng nerbiyos, tulad ng alcohol o benzodiazepines, pinapalakas at pinatatagal ng xylazine ang mga epekto nito kabilang ang sedasyon (antok na humahantong sa kawalan ng reaksyon) at respiratory depression (bumababa o humihinto ang paghinga). Kapansin-pansing pinapataas ng Xylazine ang panganib sa nakamamatay na overdose.

TAGALOG

# XYLAZINE SA COUNTY NG LA

## **Bakit ito ay inihahalo sa droga?**

Ang Xylazine ay isang murang "filler" para sa mga ipinagbabawal na opioid at iba pang mga pekeng tabletas dahil pinalalakas nito ang epekto ng iba't ibang opioid. Dahil sa epektong ito ng xylazine, ang mga gumagawa at nagsusuplay ng mga droga ay nakakapagpanatili ng napakalakas na produkto. Gayunpaman, karamihan sa mga tao na bumibili o binibigyan ng mga ipinagbabawal na gamot ay hindi naghahanap ng xylazine at malamang na hindi nila alam na ang xylazine ay maaaring kahalo ng mga droga na sinisikap nilang makuha.

## **Ano-ano ang mga sintomas ng overdoses sa xylazine?**

Ang overdoses sa Xylazine ay dapat na hinihinala sa mga taong nagpapakita ng mga sintomas ng overdose ng opioid kabilang ang—pagliit ng balintataw ng mga mata, pagbagal o paghinto sa paghinga, pagbagal o paghinto ng tibok ng puso, malamig/namamasa-masa at mangasul-asul/nagkukulay-lilak na balat—na hindi tumutugon sa naloxone.

## **Maaari ba kaming magpasuri nito?**

Kamakailan, ang mga rapid drug testing strip na nakatutukoy sa xylazine sa isang s ampol ng gamot/droga ay naging available online sa pamamagitan ng BTNX (<https://www.btnx.com/HarmReduction>). Gayunpaman, ang mga mabibilis na pagsusuring ito ay hindi nagpapakita ng dami, pagiging puro, o lakas ng bisa ng xylazine na nakita sa sampol.

Maaaring makita ang Xylazine sa isang quantitative spectroscopy na pagsusuri sa lason sa katawan, tulad ng pagsusuri ng gas chromatography-mass spectrometry; gayunpaman, ang mabibilis na mga pagsusuri ng droga na makukuha sa departamento ng emerhensiya ay hindi regular na nakakasuri o nakakatukoy sa xylazine. Maaari ding ikonsidera ng mga residente ng County ng LA na dalhin ang kanilang mga gamot para masuri bilang bahagi ng isang pilot program na pinapatakbo ng UCLA, na gumagamit ng Fourier-transform infrared spectroscopy (FTIR) machine sa pagsusuri ng mga sample ng gamot sa loob nang humigit-kumulang na 15-20 minuto. Ang serbisyong ito ay magagamit nang libre sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan kay Chelsea L. Shover, PhD sa email na [clshover@mednet.ucla.edu](mailto:clshover@mednet.ucla.edu).

TAGALOG

# XYLAZINE SA COUNTY NG LA

## Mayroon bang pangontra sa pagka-overdose sa xylazine?

Walang aprubadong pangontra sa overdose sa xylazine sa mga tao. Gayunpaman, dahil ang xylazine ay karaniwang isinasama at ginagamit sa mga opioid, maaaring makatulong ang naloxone na pansamantalang mawala ang epekto ng anumang nakunsomong opioid na may xylazine. Samakatuwid, mahalaga na ang sinumang tao na tumutugon sa isang hinihinalang na-overdose ay tumawag sa 911 at bigyan kaagad ng naloxone ang isang tao na may mga sintomas ng overdose xylazine o opioid. Maililigtas nito ang kanilang buhay.

Natagpuan ang Xylazine sa mga sampol ng droga sa 36 na estado at sa Distrito ng Columbia. Sa New York City, natagpuan ang xylazine sa 25% ng mga sampol ng droga. Sa Philadelphia, mayroong xylazine sa mahigit na 90% ng mga sample ng fentanyl at heroin na sinuri noong 2021. At sa California, natagpuan ang xylazine sa mga sample ng droga sa Los Angeles, San Francisco, at San Diego nitong 2023.

## Paano nito binabago ang paggamit ng substansya?

Kung ikaw o isang taong kilala mo ay gagamit ng mga ipinagbabawal na gamot, mangyaring tandaan ang sumusunod:

- 1) Huwag gumamit nang nag-iisa. Gumamit nang may kasamang kaibigan o taong maaaring tumawag sa 911 at magbigay ng naloxone kung sakaling magkaroon ng overdose.
- 2) Magsimula sa mababang dosis at unti-unti: Maaaring manatili ang Xylazine sa iyong system nang ilang oras at naiipon sa katawan.
- 3) Kung may sinumang ma-overdose, gumamit pa rin ng naloxone! Ang Xylazine ay kadalasang inihahalo sa opioid at ang naloxone ay makakatulong pa rin na matanggal ang kontribusyon ng opioid sa isang overdose.
- 4) Dahil sa xylazine, maaaring magkaroon ng mas mataas na panganib na magkaroon ng mga sugat sa iba't ibang bahagi ng katawan kapwa ang mga taong gumagamit ng mga droga sa pamamagitan ng pag-iiniksyon sa kanila at ang mga hindi nag-iniksyon ng mga ito—kahit na sa mga bahagi na hindi nainiksyunan—kaya mangyaring bantayan ang iyong balat.

**SUBSTANCE ABUSE SERVICE HELPLINE**



**1.844.804.7500**

TAGALOG